**Para sa Panganganak, Pagkakunan o ETP mula Marso 11, 2019:**

A. Para sa buhay na panganganak, normal man o sa pamamagitan ng caesarian section delivery:
   1. Certificate of Live Birth ng bata na nakarehistro sa Local Civil Registrar (LCR) o in-issue ng Philippine Statistics Authority (PSA); o
   2. Report of Child's Birth na naipanotaryo o authenticated ng Embahada ng Pilipinas o Consulate General; o apostillized* ng Foreign Ministry/Embassy o Consulate General; o
   3. Passport ng bata, para sa panganganak sa ibang bansa.

B. Para sa panganganak na sa kalaunan ay nagresulta sa pagkamatay ng bata:
   1. Certificate of Live Birth ng bata na nakarehistro sa LCR o in-issue ng PSA; o
   2. Report of Child's birth na naipanotaryo o authenticated ng Embahada ng Pilipinas o Consulate General; o apostillized* ng Foreign Ministry/Embassy o Consulate General; o
   3. Certificate of Death ng bata na nakarehistro sa LCR o in-issue ng PSA o naipanotaryo o authenticated ng Embahada ng Pilipinas o Consulate General; o apostillized* ng Foreign Ministry/Embassy o Consulate General

C. Para sa Still Birth (Ang bata ay namatay bago o habang nagli-labor/nanganganak)
   1. Fetal Certificate of Death na nakarehistro sa LCR o in-issue ng PSA o naipanotaryo o authenticated ng Embahada ng Pilipinas o Consulate General; o apostillized* ng Foreign Ministry/Embassy o Consulate General; o
   2. Certified true copy ng hospital/medical records na nagsasaad ng kinahantungan ng panganganak

** Katulad ng Authentication Certificate (o "red ribbon"), ang pagiging Apostillized ay ang pagsesertipika sa pinagmulan ng pampublikong dokumento at sa pagiging authentic ng pirma ng indibidwal o ng selyo ng ahensiya sa nasabing pampublikong dokumento, at sa kung anong kapasidad ito ginawa. (Mula sa website ng Department of Foreign Affairs)*

D. Para sa Miscarriage o Pagkakunan

Kung may nai-file na MN sa SSS

- Katunayan ng termination ng pagbubuntis. Alinman sa mga sumusunod ay maaaring isumite:
  - ✓ Pregnancy test result/s
  - ✓ Ultrasound result/s
  - ✓ Histopathological Report

Kung walang nai-file na MN sa SSS

- Katunayan ng termination ng pagbubuntis, gaya ng naunang naisaad; at
- Alinman sa mga sumusunod na katunayan ng pagbubuntis:
  - ✓ Resulta ng pregnancy test na nilagdaan ng doktor/municipal health officer; o
  - ✓ Resulta ng iba pang diagnostic tests gaya ng mga sumusunod:
    - Ultrasound
    - Blood Pregnancy test (Beta HCG)
    - Early Pregnancy factor

E. Para sa Ectopic Pregnancy/Hydatidiform Mole

- Certified true copy ng hospital/medical records na nagsasaad kung paano pinamahalaan ang nasabing kondisyon

**Note:** Ang pagbibigay ng benepisyo para sa Pagkakunan o ETP ay batay sa magiging evaluation ng SSS Medical Specialists na maaaring mag-require sa mga miyembro na magsumite ng alinman sa mga sumusunod na dokumento na kailangan sa pag-evaluate ng claim:

- Records ng mga konsultasyon
- Hospital Abstract/Discharge Summary
- Medical/Clinical Abstract

F. Iba pang kailangang dokumento batay sa kalagayan at pagbabago ng mga sitwasyon
   1. Para sa Solo Parent
      - Solo Parent ID na in-issue sa loob ng dalawang (2) taon mula sa petsa ng panganganak ng LGU at nilagdaan ng Social Worker at ng City/Municipal Mayor; o
      - Certification of Eligibility ng Solo Parent mula sa LGU at nilagdaan ng Social Worker/City/Municipal Mayor, kung wala pang ID.
   2. Para sa mga Self-employed/Voluntary Member (SE/VM) na dating empleyado o miyembrong nahiwalay sa trabaho

      Kung ang panganganak/pagkakunan/ETP ay naganap sa loob ng employment period o sa loob ng anim (6) na buwan mula sa petsa ng pagkakahiwalay sa trabaho:
      - Certificate of Separation from Employment na nagsasaad ng epektibong petsa ng pagkakahiwalay sa trabaho at walang paunang bayad na naibigay ang employer
   3. Para sa miyembrong hindi makapagbibigay ng Certificate of Separation from Employment dahil sa mga sumusunod na kadahilanan, maaari silang magsumite ng Affidavit of Undertaking na nagpapakita ng epektibong petsa ng pagkakahiwalay sa trabaho at walang paunang bayad na naibigay ang employer:
      - Ang kompanya ay naka-strike;
      - Ang kompanya ay nabuwag na o tumigil na sa operasyon;
      - Mayroong nakabinbing kaso sa korte tungkol sa pagkakahiwalay ng miyembro sa trabaho;
      - Ang miyembro ay nahiwalay sa trabaho dahil sa Absence Without Official Leave (AWOL) o may hindi magandang relasyon sa kanyang employer;
      - Ang kasalukuyang tirahan ng miyembro ay mahigit 30 kilometro mula sa address ng employer; o
      - Wala nang record ang miyembro mula sa kanyang dating employer.
   4. Para sa kwalipikadong Caregiver sakaling mamatay o maging permanente ang pagkabalda ng miyembro at ang benepisyo sa panganganak ay hindi pa nababayaran:

      Kung sakaling ang miyembro (nanay ng bata) ay mamatay o maging baldado, ibibigay sa kwalipikadong caregiver ang hindi nagamit na leave at benepisyo kung hindi pa ito nabayaran o natanggap ng miyembro. Sa ganitong pagkakataon, kailangang isumite ng kwalipikadong caregiver ang mga sumusunod na dokumento sa SSS:
      1. Affidavit of Undertaking ng kwalipikadong caregiver; at
      2. Certified true copy ng Certificate of Death ng miyembro o medical certificate/hospital abstract.

**Para sa Panganganak, Pagkakunan o ETP mula Marso 11, 2019:**

Ang miyembro na nanganak, nakunan o sumailalim sa ETP ay kailangang magsumite ng mga sumusunod na dokumento:

A. Para sa Normal o Caesarian Section Delivery
   - Certificate of Live Birth ng bata o Fetal Certificate of Death na nakarehistro sa LCR o in-issue ng PSA; o
   - Report of Child's Birth na naipanotaryo/in-authenticate ng Embahada ng Pilipinas o Consulate General; o
   - Passport ng bata (para sa panganganak na naganap sa ibang bansa)

B. Karagdagang dokumento para sa Caesarian Section Delivery Alinman sa mga sumusunod na dokumento mula sa ospital:
   - Operating Room Record (ORR);
   - Surgical Memorandum;
   - Discharge Summary Report;
   - Medical/Clinical Abstract;
   - Delivery Report;
   - Detalyadong invoice na nagpapakita ng mga gastos sa panganganak via caesarian section delivery, para lamang sa panganganak na naganap sa ibang bansa; o
   - Iba pang katulad na dokumento na nagpapakita ng uri ng panganganak

C. Para sa Pagkakunan, Ectopic Pregnancy at Hydatidiform Mole

   Tingnan ang mga dokumentong nakasaad sa items D at E.

   ***Paalala sa English Translation:***

   Ang mga dokumento para sa panganganak/pagkakunan/ETP na naganap sa ibang bansa ay kailangang may English translation, subalit kung ang mga nasabing dokumento ay natanggap na ng SSS Foreign Office ng nasabing bansa, hindi na kailangan ng authentication ng Embahada ng Pilipinas/Consulate General.

## Saan maaaring mag-file ang miyembro ng kanyang aplikasyon para sa benepisyo sa panganganak?

Ang MBRA (para sa mga empleyado) at MBA (para sa mga miyembrong nahiwalay sa trabaho, SE at VM) ay maaaring i-file sa SSS branch na pinakamalapit sa employer o miyembro.

www.sss.gov.ph | 917-7777 | SSSPh | MySSSPhilippines

*Published by the SSS Corporate Communications Dept.*
*October 2019*

SOCIAL SECURITY SYSTEM

# BENEPISYO SA PANGANGANAK



## ANO ANG BENEPISYO SA PANGANGANAK SA ILALIM NG EXPANDED MATERNITY LEAVE LAW?

Ang benepisyo sa panganganak ay arawang cash allowance na ipinagkakaloob sa isang babaeng miyembro na hindi makapagtrabaho dahil sa panganganak o pagkakunan o emergency termination of pregnancy (ETP). Sa ilalim ng bagong Republic Act No. 11210 (Expanded Maternity Leave Law), ito ay binubuo na ng 105 araw para sa buhay na panganganak, normal man o caesarian section delivery, 120 araw para sa mga solo parent sa ilalim ng Republic Act No. 8972 o Solo Parents' Welfare Act, o 60 araw para sa pagkakunan o ETP.

### Ano ang mga kwalipikasyon para sa benepisyo sa panganganak?

1. Ang miyembro ay nakapagbayad ng hindi bababa sa tatlong (3) buwang kontribusyon sa SSS sa loob ng 12 buwan bago ang semester ng panganganak, pagkakunan o ETP.
2. Naipagbigay-alam ng miyembro sa kanyang employer (kung employed), o sa SSS (kung self-employed, voluntary member, miyembrong nahiwalay na sa trabaho, overseas Filipino worker, non-working spouse), ang tungkol sa kanyang pagbubuntis at ang petsa ng kapanganakan.

### Magkano ang halaga ng benepisyo sa panganganak?

Ang benepisyo sa panganganak ay katumbas ng 100 porsyento ng average daily salary credit (ADSC) ng babaeng miyembro, para sa mga nabanggit na compensable period.

Ang mga babaeng empleyado ay maaari ding makatanggap ng Salary Differential mula sa kanilang employer. Ang salary differential ay ang halaga sa pagitan ng kabuuang sahod ng empleyado sa panahon ng kanyang maternity leave at ng aktwal na benepisyong matatanggap mula sa SSS. Gayunpaman, ang employer ay maaaring magpa-exempt sa pagbabayad ng salary differential sa kanyang empleyado kung sila ay:

- Mabibilang sa mga itinuturing na "distressed establishments";
- Isang retail o service establishment na hindi hihigit sa sampu (10) ang bilang ng empleyado;
- Isang micro-business enterprise na gumagawa ng mga produkto na pangunahing bilihin at may kabuuang asset na hindi hihigit sa tatlong milyon; at
- Nagbibigay ng katulad o higit pa sa mga iminumungkahing benepisyo.

**Note:** Para sa proseso ng pagpapa-exempt, basahin ang Department Advisory na inilabas ng Department of Labor and Employment (DOLE) noong Hulyo 9, 2019.

### Ilang beses maaaring mag-claim ng benepisyo sa panganganak?

Ang benepisyo sa panganganak ay babayaran sa miyembro sa lahat ng pagkakataon ng kanyang panganganak, pagkakunan o ETP, anuman ang kanyang civil status at bilang ng pagbubuntis.

### Maaari bang mag-claim ng benepisyo sa pagkakasakit ang isang miyembro sa panahong siya ay nabayaran ng benepisyo sa panganganak?

Hindi. Ang isang babaeng miyembro ay hindi maaaring mag-claim ng benepisyo sa pagkakasakit sa loob ng 105, 120 o 60 araw, kung kailan siya ay nabayaran ng benepisyo sa panganganak. Isang mahigpit na panuntunan ng SSS na hindi maaaring pagkalooban ng dalawang (2) benepisyo ang isang miyembro sa parehong panahon.

Kung sakaling magkaroon ng overlapping sa pagitan ng dalawang maternity benefit claims, ang miyembro ay pagkakalooban ng benepisyo para sa dalawang magkasunod na maternity benefits. Subalit, ang halaga ng benepisyo para sa panahong nagkaroon ng overlap ay ibabawas mula sa kasalukuyang maternity benefit claim.

### Kailangan bang ipaalam sa SSS ang pagbubuntis ng miyembro?

Oo. Sa sandaling makumpirma ang pagbubuntis ng miyembro, kailangan niyang ipagbigay-alam sa kanyang employer (kung employed) o sa SSS (kung nahiwalay sa trabaho o isang SE/VM/OFW/NWS) ang kanyang pagbubuntis at ang petsa ng kapanganakan. Kailangan niyang magsumite ng Maternity Notification (MN) Form sa SSS Branch o sa pamamagitan ng kanyang My.SSS account sa SSS website, o sa pamamagitan ng mga SSS Self-Service Express Terminals (SSET).

Subalit kung nabigo ang miyembro na ipaalam sa kanyang employer ang tungkol sa kanyang pagbubuntis dahil sa isang medical emergency na may kinalaman sa kanyang pagbubuntis, hindi ito maaaring maging hadlang para hindi siya makatanggap ng benepisyo sa pagbubuntis.

Kailangan namang ipagbigay-alam ng employer sa SSS ang nasabing pagbubuntis, sa pamamagitan ng pagsusumite ng MN Form, sa sandaling matanggap ang notipikasyon mula sa empleyado. Ang notipikasyon sa SSS ay maaari nang isumite sa pamamagitan ng My.SSS account ng employer sa SSS website.

Kung ang miyembro ay nanganak o nakunan subalit ang kanyang kontribusyon ay hindi naibayad ng employer, ang benepisyong dapat na matanggap ng miyembro ay babayaran ng employer.

### Paano binabayaran ang benepisyo sa panganganak?

Ang benepisyo ay paunang babayaran ng employer sa kwalipikadong babaeng miyembro sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng pagpa-file ng maternity leave application. Ang halaga ng benepisyong paunang binayaran sa empleyadong miyembro ay babayaran nang buo ng SSS sa employer sa sandaling makapagpakita ito ng legal na katibayan na nabayaran at natanggap ng empleyadong miyembro ang benepisyo hanggang sa maximum MSC.

Dahil dito, ang lahat ng employer ay kailangang mag-enrol sa "Sickness and Maternity Benefits Payment thru-the-Bank Program" (SMB-PB), kung saan ang lahat ng reimbursement ng employer sa SSS ay direktang idedeposito sa savings/current account ng employer sa alinmang akreditadong bangko ng SSS.

Ang Payment Advice na naglalaman ng detalye ng Sickness o Maternity reimbursement ay ipapadala sa My.SSS account ng employer sa SSS website.

Samantala, ang benepisyo sa panganganak ay direktang babayaran ng SSS sa mga miyembrong nahiwalay sa trabaho/self-employed/voluntary member/OFW/non-working spouse, gayundin ang benepisyo ng mga miyembrong kasalukuyang walang trabaho subalit nanganak sa panahon ng kanilang pagtatrabaho, pansamantalang natanggal sa trabaho, at mga empleyado ng mga kompanyang nagsara o kasalukuyang nasa strike, sa pamamagitan ng kanilang single savings/current account sa alinmang akreditadong bangko ng SSS sa ilalim ng SMB-PB.

Ang miyembro, na ang halaga ng matatanggap na benepisyo ay higit P1,000 at ang lugar ng tirahan ay nasa loob ng 30 kilometro mula sa pinakamalapit na akreditadong bangko ng SSS, ay kailangang magbukas ng single savings account, o gamitin ang kanyang existing account, upang doon maideposito ang kanyang benepisyo.

Kung walang existing bank account ang miyembro, siya ay bibigyan ng SSS ng Letter of Introduction (LOI) form na maaari niyang ipakita sa napiling bangko para makapagbukas ng single savings account.

Upang matiyak kung tama ang mga bank information na isinumite sa SSS, kailangang magsumite ang miyembro ng photocopy/scanned copy ng alinman sa mga sumusunod:

- ATM card (kung saan nakalagay ang account number)
- Single Savings Account Passbook
- Bank Statement/Certificate
- Validated Deposit Slip/Savings Account Number card

Ang miyembro ay makatatanggap ng e-mail o text sa sandaling nabayaran na ang benepisyo.

### Maaari bang mag-file ng maternity leave nang mas maaga kaysa aktuwal na petsa ng panganganak?

Oo. Ang maternity leave ay maaaring mapakinabangan bilang kombinasyon ng prenatal at postnatal leave sa kondisyong hindi ito lalampas ng 105 o 120 araw para sa buhay na panganganak. Walang prenatal para sa miscarriage o still birth.

### Maaari bang ibigay ng babaeng miyembro ang bahagi ng kanyang maternity leave credits sa ama ng kanyang anak?

Ang isang miyembro ay maaaring magbahagi ng kanyang maternity leave credits hanggang pitong (7) araw sa ama ng kanyang anak (kasal man o hindi) o sa kwalipikadong tagapag-alaga o alternate caregiver (within 4th degree of consanguinity).

Kailangang ipaalam ng miyembro sa kanyang employer sa pamamagitan ng isang written notice kung nais niyang i-allocate ang bahagi ng kanyang maternity leave credits. Gayundin naman, kailangan ding ipaalam ng ama ng bata o qualified alternate caregiver sa kanyang sariling employer na kanyang ia-avail ang allocated leave at ang mga petsang sakop nito.

Samantala, ang mga miyembrong nakunan o sumailalim sa ETP ay hindi maaaring magbahagi ng kanilang maternity leave credits.

### Ano ang mangyayari sakaling mamatay o tuluyang mabalda ang miyembro sa panahon ng kanyang maternity leave?

Sakaling mamatay o tuluyang mabalda ang miyembro habang siya ay nasa maternity leave, ang balanse ng kanyang maternity leave benefit (kung mayroon pa) ay mapupunta sa ama ng kanyang anak o sa kwalipikadong alternate caregiver kung matutugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

- Ang maternity leave benefits ay hindi pa nababayaran; at
- Makapagsumite ng sapat na katunayan na ang miyembro ay namatay o tuluyang nabalda at makasunod sa iba pang ipinatutupad na regulasyon ng SSS.

### Hanggang kailan maaaring mag-file ng aplikasyon para sa benepisyo sa panganganak?

Ang aplikasyon para sa benepisyo ay maaaring i-file sa loob ng sampung (10) taon mula sa petsa ng panganganak, pagkakunan o emergency termination ng pagbubuntis.

### Kailan ipatutupad ang bagong panuntunan ng SSS sa pag-claim ng benepisyo sa panganganak?

Ang bagong panuntunan ay ipatutupad para sa lahat ng panganganak, pagkakunan at ETP mula Marso 11, 2019.

Samantala, ang dating panuntunan sa pag-claim ng benepisyo ay ipatutupad para sa lahat ng kaparehong kondisyon bago ang Marso 11.

### Ano ang mga form at dokumentong kailangan sa pagpa-file ng aplikasyon para sa benepisyo sa panganganak?

Sa pagpa-file ng Maternity Notification:

**Kung ipa-file over-the-counter:**

1. Maternity Notification (MN) Form; at
2. Valid ID cards/documents ng miyembro

**Kung ipa-file sa pamamagitan ng SSS website:**

Walang form o dokumentong kailangan. Ang miyembro o employer na nakarehistro sa My.SSS ay maaaring mag- file ng MN sa pamamagitan ng SSS website.

**Kung ipa-file sa pamamagitan ng Self-Service Express Terminal (SET) o SSS Mobile App:**

Walang form o dokumentong kailangan. Ang SE/VM ay maaaring mag-file ng MN sa pamamagitan ng SET o SSS Mobile App.

**Sa pagpa-file ng Maternity Benefit Reimbursement Application (Para sa Empleyadong Miyembro):**

I. Maternity Benefit Reimbursement Application (MBRA) Form

II. Maternity Notification (MN) na may tatak na natanggap ito ng SSS bago ang panganganak/pagkakakunan o "Maternity Notification Submission Confirmation" (kung nai-file sa pamamagitan ng SSS website, o SET).

III. Ipakita ang orihinal/certified true copy at isumite ang photocopy ng mga sumusunod: